


8

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 3: Pagsulat ng Karunungan-Bayan



**Filipino – Ikawalong Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Unang Markahan – Modyul3: Pagsulat ng Karunungan - bayan  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon paman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikap ang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga taga paglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang ano mang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

PangalawangKalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat** : Mary Grace B. Desantores  
**Editor** : Dores P. Claro, Maria Consuelo C. Jamera, Jeriel B. Caracol  
**Tagasuri** : Jessie C. Torreón, Jocelyn P. Abellano, Noviemar T. Maur,  
Donna May D. Pinguít, Kristy Joyce E. Anino, Japheth K. Salar  
**Tagaguhit** : Sarreyll Felijude C. Balanghig  
**Tagalapat** : Mary Grace B. Desantores  
**Tagapamahala:** Francis Cesar B. Bringas, Isidro M. Biol Jr., Maripaz F. Magno,  
Josephine Chonie M. Obseñares, Gilda G. Berte, Antonieta O. Narra, Feldrid P.  
Suan, Victoria B. Pabia, Jessie C. Torreón, Dores P. Claro

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education - Rehiyon ng Caraga**

Office Address: Learning Resource Management Section (LRMS)  
Teacher Development Center,  
J. Rosales Avenue, Butuan City, Philippines 8600  
Telefax: (085)342-8207 / (085)342-5969  
E-mail Address: caraga@deped.gov.ph

# **Filipino**

## **Unang Markahan – Modyul 3: Pagsulat ng Karunungan-bayan**

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**



*Sigurado ako na naging masaya ang paglalakbay mo sa nakaraang aralin. Muli, ako ang makasasama at gagabay sa iyo.*

*Nalaman mo na sa nauna nating paglalakbay kung ano ang mga karunungan-bayan na likas sa ating lahi na ito pala ay yaman at natatangi sa bawat pangkat-etniko ng ating bansa. Higit nating palalalimin ang kaalaman mo sa mga karunungan - bayan.*


*Dadagdagan natin ang iyong kakayahan sa pag-unawa sa mga ito at pahahalagahan ang katangi-tanging karunungan-bayan sa bawat pangkat na nasa iisang kultura.*

*Sa huli, inaasahang ikaw ay nakapagsusulat ng sariling bugtong, salawikain, sawikain batay sa kasalukuyang kalagayan.*

*Ano pang hinihintay mo? Tara na! Magsimulana tayo.*



## Subukin



*Opps, bago tayo magpapatuloy ay sagutan mo muna ang paunang pagsubok.*

*Tingnan natin kung ano na ang nalalaman mo kaugnay sa aralin natin. Alam kong kaya mo...ito!*

A. **Panuto:** Isulat ang letrang **S** kung ang pahayag ay salawikain, **SB** kung ang pahayag ay kasabihan, **B** kung ang pahayag ay bugtong. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Walang umaani ng tuwa, na hindi sa hirap nagmula.
2. Kung ano ang puno, siya ang bunga.
3. Langit sa itaas, langit sa ibaba, tubig sa gitna.
4. Magbiro ka sa lasing, huwag lang sa bagong gising.
5. Ang kaginhawaan ay nasakasiyahan at wala sa kasaganaan.
6. Ang gumagawa ng kabutihan, hindi matatakot sa kamatayan.
7. Bumili ako ng alipin, mas mataas pa sa akin.
8. Bawat isa sa atin ay arkitekto ng ating kapalaran.
9. Isang hukbo ng sundalo, dikit-dikit ang mga ulo.
10. Ang buhay ay parang gulong, minsan nasa ibabaw, minsan rin nasa ilalim.


B. **Panuto:** Sa pagkakataong ito, subukin mong sumulat ng iyong sariling salawikain, bugtong, at kasabihan. Isulat mo ito sa hiwalay na papel.

SALAWIKAIN	BUGTONG	KASABIHAN

# Aralin 3


## Pagsulat ng Sariling Bugtong, Salawikain at Kasabihan

Alam mo bang hitik sa mayamang panitikan ang ating mga ninuno. Ang kanilang pang-araw-araw na pamumuhay ang kanilang inspirasyon sa nilalaman at istilo ng kanilang literature bago pa man ang pananakop ng mga Kastila at iba pang lahi sa ating bansa. Kaya sa araling ito, ang magagandang pag-uugali, mga karunungan at pagkakakilanlan nating mga Pilipino ay iyong mabibigyang sulyap, mababalik-tanaw mo ang ating kahapon at tiyak na maipagmamalaki mo na ikaw ay Pilipino.



### Balikan

Balikan muna natin ang mga aralin na iyong natutuhan .



### Kilalanin, Sino Ako!

**Panuto:** Sagutin mo ang pagsasanay sa ibaba upang malaman kung gaano kalawak ang iyong kaalaman tungkol sa Panitikang Pilipino. Basahin ang bawat pahayag at isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Bahagi ng katutubong panitikan ng mga Pilipino. Nagpapamalas ito ng talas at tayog ng kaisipan ng ating mga ninuno noong unang panahon. Nagpatibay rin ito ng pagpapahalaga sa kultura at tradisyong Pilipino.  
A. alamat      B. karunungan-bayan      C. tula      D. bugtong
2. Tinatawag ding idyoma. Karaniwang binubuo ito ng salita o parirala na nagbibigay ng malalim na kahulugan.  
A. kasabihan      B. salawikain      C. sawikain      D. tula
3. Nagpapahiwatig nang malalim na kahulugan. Hindi ito gumagamit ng talinghaga. Nagtataglay rin ito ng aral sa buhay.  
A. tula      B. kasabihan      C. salawikain      D. sawikain

4. Ito ay pangungusap na may pinapahulaangkahulugan.  
 A. bugtong    B. haiku    C. tanaga    D. tula
5. Pahayag na sinasabing pinag-ugatan ng panulaang Pilipino. Kadalasang nagtataglay ito ng sukat at tugma. Ito ang mga butil ng karunungan nagsilbing batas o tuntunin ng kagandahang asal ng ating mga ninuno.  
 A. awit    B. kundiman    C. salawikain    D. tula

B. Panuto: Kilalanin mo ang bawat pahayag kung ito ba ay salawikain, sawikain, kasabihan o bugtong. Isulat sa loob ng kahon ang tamang sagot.

6. Ang tunay na karangalan ay nag-uumpisa sa paggalang sa mga magulang.

7. Sa bayan nagtrabaho ang *kabiyak ng dibdib* ni Aling Myrna.

8. Huwag gawin sa iba ang ayaw mong gawin sa iyo.


9. Tubig na nagiging bato, batong nagiging tubig.

10. Ang tunay na kaibigan sa ligaya at kalungkutan, ikaw ay sasamahan.




## Tuklasin

*Basahin ang talata sa ibaba, pagkatapos ay tuklasin ang mga kaalamang nakapaloob dito.*



*Dunong ang tanging yaman na kailanman ay hinding-hindi mananakaw o maagaw, laging paalala sa akin ni Inay. Kaya nga po, “Kahit makitid ang kumot, natuto akong mamaluktot”, sagot ko naman. Naniniwala po ako na, “Kung may tiyaga, may nilaga”, pahabol kong sagot kay inay. Huwag mong kalilimutan na, “Ang mabuting pag-uugali, masaganang buhay ang sukli”, dagdag paalala ni inay.*





*Pansinin ang mga salitang nakahilig. Ano-ano kaya ang mga ito? Halika't ating tuklasin.*

Noon pa man, ang Pilipinas bago pa dumating ang mga kastila sa ating bansa mayroon ng iba'tibang pamamaraan ng pagpapahayag ng ating mga kaisipan, pananaw at paniniwala. Gaya ng pagkakaroon ng sarili nating sistema ng pagsulat na tinatawag na baybayin. Mayroon din tayong sariling paraan ng pamamahala, pangangalakal, kaugalian, tradisyon na itinuturing na tanging sa Pilipino lamang.

Ang mga pamamaraan ng pagpapahayag na ito ay ating mga karunungan-bayan na nagsisilbing pamantayan sa ating pamumuhay noon maging hanggang ngayon. Ngunit paano ba ito isinusulat?



## **Suriin**



*Pag-aralan natin ang karunungan bayan . Basahin at unawain mo nang mabuti ang mga talata. Galingan mo!*

Ang mga **karunungan-bayan** ay nagpapahayag ng mga kaisipan at paniniwala, sumasalamin sa iba'tibang karanasan ng mga tao sa kulturang kinagisnan.

Gumagamit ito ng mga talinghagang salita upang mapatalas ang ating kaisipan. Sadyang angkin ng ating mga ninuno ang kasanayan sapagsulat ng mga aral, paniniwala, kaugalian ng ating lahi. Kaya naman hanggang sa kasalukuyan ay patuloy pa rin itong nagbibigay aral sa mga Pilipino.

Samantala, ang karunungan-bayan ay hango rin sa karanasan at pinagmulan at nagbibigay ng payo o kagandahang asal at mga paalala. Ito ay isang hudyat na ang mga Pilipino noon paman ay may mataas na pagpapahalaga sa paglinang sa kaugalian at paghasa sa kinagisnang kultura.

Ang ating mga karunungan-bayan ay maituturing salamin ng ating lahi na nararapat manatili bilang yamang kultura ng mga Pilipino. Ang mga ito ay ang *salawikain, sawikain, kasabihan at bugtong*. Halina't ating unawain kung paano ba

tayo makasusulat ng mga gayanitong karunungan -bayan.

Suriin natin ang pagkakasulat sa mga karunungan-bayan at tingnan natin kung paano ito isinulat:

### **1. Salawikain**

(Na minsan ay tinatawag ding sawikain o kasabihan) ay isang maikling unit makabuluhang pahayag, nakaraniwang may matulaing katangian. Naglalaman ito ng mga aral, karunungan o katotohanan.

Halimbawa:

1. Nagmamatandang kulit,  
Nagmumurang kalumpit.
2. Natutuwa kung pasalop  
Kung singili'y napopoot
3. Kung tubig ay magalaw  
Ang ilog ay mababaw

Paano sinulat ang mga salawikaing ito? Paano din ito binigyang kahulugan?

Isinulat ito nang:

- matalinghaga ang mga salita at nagpapahayag ng mga aral na magiging batayan sa magandang pag-uugali.
- Bilang kaugalian at magsisilbing mga tuntunin ng kagandahang asal.
- may nakatagong kahulugan, sa anyong pataludtod.

Samakatuwid kung tayo ay susulat ng gaya nitong mga salawikain dapat:

- maikling pangungusap
- payak ang pagkakalahad
- sumasalamin sa buhay
- may aral at nagtuturo ng kabutihang-asal

### **2. Kasabihan o kawikaan**

Halimbawa:

1. Sa panahon ng kagipitan, nakikita ang kaibigan.
2. Ang magalang nasagot ay nakapapawi ng poot.
3. Nasa Diyos ang awa, nasatao ang gawa.

Paano sinulat ang mga kasabihang ito? Ano ang kahulugan ng bawat kasabihang ito?

Kung gayon, mapapansin na higit na tuwiran ang pagpapahayag nito ng aral kaysa sa salawikain. Ibig sabihin, payak lamang ang paglalahad na ginagamit sa pagsulat ng kasabihan dahil sa pagkakasulat pa lamang nito, sa mga ginamit na salita, mas madaling maunawaan ang kahulugan nito.

Kaya naman sa pagsulat ng kasabihan, tandaan na:

- tuwiran ang pagpapahayag
- payak ang pagkakalahad
- nagtuturo ng wastong kilos at gawi

Samantala, ang kasabihan ay ginagamit ding :

- pang-aliw - tulad ng katuwaan ng mga naglalarong bata.
- panunudyo - ginagawa ng mga bata sa kalaro kapag nagkapikunan.
- sabi-sabi - lamang o bukambibig.
- pampadulas- dila-ito'y larong pangkasanayan - dila nang lumaking hindi utal ang bata.

### **3. Sawikain**

Halimbawa:

#### **Positibo: Sawikain o Idyoma**

1. kapilas ng buhay
2. ilaw ng tahanan
3. busilak ang puso
4. bukalsaloob
5. naniningalang-pugad

#### **Kahulugan**

- asawa
- ina
- malinisnakalooban
- taos - puso/tapat
- nanliligaw

#### **Negatibo: Sawikain o Idyoma**

1. ibaon sa hukay
2. basag ang pula
3. nagbibilang ng poste
4. bahag ang buntot
5. alimuom

#### **Kahulugan**

- kalimutan
- luko-luko
- walang trabaho
- duwag
- mabaho

Suriin kung paano sinulat ang mga sawikaing ito? Angkop ba ang mga binigay na kahulugan? Bakit?

Ang sawikain ay ang mga salitang eupemistiko, pa tayutay o idyomatiko na ginagamit upang maging maganda ang paraan ng pagpapahayag.

Halimbawa: Makapal ang palad - masipag

1. Tinaguriang makapal ang palad si Maria dahil sa kanyang angking ugali na kinagigiliwan ng kanyang mga kapitbahay na handing tumulong kahit hindi sinasabihan.

Isinusulat ito upang hindi maging tuwiran ang kahulugan at magbigay ng pagkakataon mapaisip o mapagnilayan ang naisipahiwatig nito.

Narito ang halimbawang rubric na magagamit mo bilang pamantayan sa pagsulat ng salawikain, sawikain at kasabihan. Basahin at pag-aralan ito bilang iyong magiging pamantayan sa sariling pagsulat mo ng halimbawang karunungan - bayan.

### Rubriksa Pagbuo ng Sariling Salawikain, Sawikain at Kasabihan

<b>Pamantayan sa pagbuo ng salawikain, salawikain, kasabihan</b>	<b>5</b>	<b>3</b>	<b>1</b>	<b>Iskor</b>
1. Nilalaman	<b>Nagpapahayag ng mga aral o kagandahang asal.</b>	<b>Di-gaanong naipapahayag ang mga aral o kagandahang asal.</b>	<b>Hindi nagpapahayag ng mga aral o kagandahang - asal</b>	
2. Kabisaan	<b>Mabisa ang paggamit ng mga salita sa pagpapahiwatig.</b>	<b>Di-gaanong mabisa ang paggamit ng mga salitang ginamit sa pagpapahiwatig.</b>	<b>Walang kabisaan ang paggamit ng mga salitang ginagamit sa pagpapahiwatig.</b>	
3. Kaugnayan	<b>Sumasalamin sa buhat at magagamit na gabay sa araw-araw na pamumuhay.</b>	<b>Di-gaanong sumasalamin sa buhay at magagamit na gabay sa araw-araw na pamumuhay.</b>	<b>Hindi sumasalamin sa buhay at magagamit na gabay sa araw-araw na pamumuhay</b>	

#### **Interpretasyon:**

5- Napahusay

3- Mahusay

1- Nangangailangan pa ng pag-unlad

#### **4. Bugtong**

Ang mga **bugtong** ay uri ng palaisipan na nasa anyong patula. Subukin ninyong alamin kung ano ang tinutukoy ng mga katutubong bugtong sa araling ito.

Suriin kung paano sinulat ang sumusunod na bugtong:

Halimbawa:

1. Kung kaliaan mo pinatay,  
saka pa humaba ang buhay.

Sukat : 8 Unang taludtod  
9 Ikalawang taludtod  
Tugma: katinig (malumay)  
Sagot: Kandila

2. Baboy ko sa pulo,  
ang balahibo'y pako.

Sukat : 6 Unang taludtod  
7 Ikalawang taludtod  
Tugma: patinig (malumi)  
Sagot: Langka

Narito ang halimbawang rubric na magagamit mo bilang pamantayan sa pagsulat ng bugtong. Basahin at pag-aralan ito bilang pamantayan sa pagsulat mo ng halimbawang bugtong.

### **Rubrik sa Pagbuo ng Sariling Bugtong**

Lagyanmong tsek (/) ang angkop na kolum.


Pamantayan sa pagbuo ng Bugtong	5	3	1
Pagkakabuo	Angkop at wasto ang mga salitang ginamit sa pagbubuo, may tugma at sukat.	May iilang salitang ginamit na hindi angkop at wasto, walang tugma at sukat.	Walang kaugnayan at hindi wasto ang mga salitang ginamit at walang tugma at sukat.
Nilalaman	Mabisang naipahayag ang bugtong.	Hindi gaanong naipahayag ng mabisa ang bugtong.	Hindi naipahayag nang mabisa ang nilalaman nito.
Kabuong Puntos			

### **Interpretasyon:**

8--10 Napakahusay


4 - 7 - Mahusay

2 - 3 - Paghusayan pa



## Pagyamanin

*Opps! Isa pang gawain ang iyong sasagutan . Payayabungin pa natin ang iyong kaalaman. Husayan ito !*



A. **Panuto:** Magtala ng iyong mga na obserbahang kasalukuyang kalagayan sa ating lipunan. Batay sa mga naitala sumulat ng sarili mong karunungan -bayan at tukuyin kung ang iyong sinulat ay salawikain, sawikain, kasabihan, o bugtong. Isagawa ito sa hiwalay na papel

Mga na obserbahang kasalukuyang kalagayan ng lipunan	Pagsulat ng sariling karunungan - bayan	Uri ng karunungan - bayan

B. **Panuto:**Iugnay ang sumusunodnakarunungan - bayan sakasalukuyangkalagayan ng lipunan. Gamitin din ito sa sariling pangungusap.

Karunungan bayan	Pag-uugnay sa kasalukuyang kalagayan	Paggamit sa pangungusap
1. balitangkutsero		
2. magdilang anghel		
3. mahina ang loob		
4. matalas ang ulo		
5. makapal ang palad		


C. **Panuto:** Basahin mo ang bawat bugtong at hulaan o tukuyin ang kanyang tamang sagot na makikita sa loob ng kahon.

Sombrero unan saging saranggola sapatos

- |  |   |
|--|---|
| 1. Buto't balat lumilipad.                       | 4. Malambot na parang ulap,kasama ko sa pangarap.           |
| 2. Dala mo dala ka, dala ka ng iyong dala.       | 5. May bintana, walang bubungan, may pinto,walang hagdanan. |
| 3. Bulaklak muna ang dapat gawin bago mo kainin. |   |



## Isaisip



*Kaya mo pa ba ? Oo naman, alam kong kayang- kaya mo pa!*

**Panuto:** Ilagay sakahon ang salitang tumutugma sa iyong mga natutuhan.

1. Matutukoy ko ang kaibahan ng kasabihan sa salawikain.

▪Oo

▪medyo

▪hindi

2. Naunawaan ko ang mga sawikain / idyomang ginamit sa akda.

▪Oo

▪medyo


▪hindi

3. Naibahagi ko ng husto ang aking kaisipan sa paghahayag

▪Oo


▪medyo

▪hindi



## Isagawa

*Tara, sulat tayo . Alam kong magaling kang sumulat. Husayan mo pa lalo.*



**Panuto:** Sumulat ng sariling karunungan-bayan batay sa sumusunod na mga sitwasyon. Isaalang –alang ang pamantayan na nasa ibaba..

**Rubric sa Pagbuo ng Sariling Salawikain/Kasabihan**

Pamantayan sa pagbuo ng salawikain,kasabihan	5	3	1	Iskor
1.Nilalaman	<b>Nagpapahayag ng mga aral o kagandahang asal.</b>	<b>Di-gaanong naipapahayag ang mga aral o kagandahang asal.</b>	<b>Hindi nagpapahayag ng mga aral o kagandahang – asal</b>	

2.Kabisaan	<b>Mabisa ang paggamit ng mga salita sa pagpapahiwatig.</b>	<b>Di-gaanong mabisa ang paggamit ng mga salitang ginamit sa pagpapahiwatig.</b>	<b>Walang kabisaan ang paggamit ng mga salitang ginagamit sa pagpapahiwatig.</b>	
3.Kaugnayan	<b>Sumasalamin sa buhat at magagamit na gabay sa araw-araw na pamumuhay.</b>	<b>Di-gaanong sumasalamin sa buhay at magagamit na gabay sa araw-araw na pamumuhay.</b>	<b>Hindi sumasalamin sa buhay at magagamit na gabay sa araw-araw na pamumuhay</b>	

**Interpretasyon:**

- 5-Napahusay
- 3- Mahusay
- 1- Nangangailangan pa ng pag-unlad


Sitwasyon: May nakilala kang bagong kaklase sa inyong paaralan. Marami ang naiinis sa kanya dahil sa mayabang at suplada niyang imahe para sa iba. Gusto mo siyang maging kaibigan kaso ng aalinlangan ka dahil sa sasabihin ng iba mong mga kaibigan. Isang araw, nakita mo siya sa parke na nag-iisa nawalang kasama. Napag-isipan mo na ito na ang pagkakataon na makalapit at makausap siya. Lakas loob mo siyang nilapitan at nagkausap kayo. Nabigla ka sa kanyang karanasan noong bata pa siya at doon mo natanto may rason pala kung bakit hindi magandang asal ang kanyang pinapakita. Mula noon, naging matalik kayong magkaibigan.



**Tayahin**

*Kumusta? Umaasa ako na naging aktibo ka sa aralin natin sa modyu lna ito.*

*Handa ka na bang malaman kung gaano kalawak ang iyong natutuhan? Hali na at sagutin ang Pagtataya.*



**Panuto:** Basahin ang mga sitwasyon at pumili ng isa. Mula rito ,bumuo ng sariling salawikain at/o kasabihan.Gamitin ang pamantayan sa pagbuo ng sariling salawikain /kasabihan.

1. Kaarawan ng matalik mong kaibigan, ang hiling niya na nandoon ka sa araw ng kanyang kaarawan nagkataan na ECQ sa inyong lugar at hindi ka papayagan ng nanay mo. Ayaw mong saktan ang damdamin ng iyong kaibigan at pagsuway sa magulang mo.



<b>Kasabihan</b>	<b>Katangian/Paksa</b>	<b>Kahulugan</b>

2. Sa pagpasok ng pasukan sa taong 2020-2021, maraming pagbabago lalo na sa pamamaraan ng pagtuturo ng mga guro. Walang kakayahan ang magulang mo na paaralin ka lalo na malayo ang inyong tirahan sa paaralan. Alam mong nagdaranas tayo ng pandemic sa kasalukuyan naghihinayang ka kung hindi ka makapasok sa taong ito pero nakikita at alam mo ang sitwasyon ninyo.

<b>Salawikain</b>	<b>Katangian/Paksa</b>	<b>Kahulugan</b>

<b>Sawikain</b>	<b>Katangian/Paksa</b>	<b>Kahulugan</b>
1. 2.		

<b>Bugtong</b>	<b>Katangian/Paksa</b>	<b>Kahulugan</b>
1. 2.		

#### **Rubric sa Pagbuo ng Sariling Salawikain/Kasabihan**

<b>Pamantayansa Pagbuo ng Salawikain/Kasabihan</b>	<b>1</b>	<b>2</b>	<b>3</b>	<b>4</b>	<b>5</b>
1. Kaangkupan ng salawikain sa sitwasyon					
2. Orinahilidad ng salawikain /kasabihan					
3. Piling-pili ang mga salitang ginamit					
4. Panghikayat sa mambabasa (Kahusayan ng pagpapahiwatig)					
5. Pagkamalikhain sa ginamit na midyum na presentasyon					
KabuoangPuntos					




## Karagdagang Gawain




*Wow! Ang galling mo naman! Huwag kang mag-alala panghuling Gawain na ito. Galingan mo pa lalo .*

**Panuto:** Pumili ng isang makabuluhang pangyayari sa ating lipunan na iyong nararanasan at gawan ito ng sariling bugtong, salawikain at sawikain. Sundan ang dayagram sa ibaba.





*Binabati kita dahil masigasig mong natapos ang araling ito. Batid kong nakapapagod ngunit napakagandang pagkakataon naming madagdagan ang iyong kaalaman sa pagsulat ng karunungan-bayan. Ihanda mo ang iyong sarili sa kasunod na modyul – **Modyul 4: Paghahambing***



## Susi sa Pagwawasto

**Subukin**  
A.  
1. SB 6. SB  
2. S 7. B  
3. B 8. S  
4. S 9. B  
5. SB 10. S  
B. Sariling pagsulat

**Balikan**  
A.  
1. B  
2. C  
3. B  
4. A  
5. C  
B. 6. kasabihan  
7. sawikain  
8. salawikain  
9. bugtong  
10. kasabihan

**Pagmananin**  
A. Sariling sagot  
B. Sariling sagot  
C.  
1. saranggola  
2. sapatos  
3. saging  
4. unan  
5. sombrero  
**Isaisip**  
Sariling sagot  
**Isagawa**  
Sariling sagot

**Tayahin**  
Sariling sagot  
**Karagdagang**  
**Gawain**  
Sariling sagot

## **Mga Sanggunian**

[https://www.google.com/search?q=larawan+ni+isko+moreno+sa+mga+matatanda&sxsrf=ALeKk01Q\\_bSGdc3gmILCGMfOOZHs0BoJQQ:1592672625128&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ved=2ahUKEwiFpcHw75DqAhVMfXAKHZJUD0gQ\\_AUoAXoECAwQAw&biw=1366&bih=657#imgrc=YkdM\\_lHuA\\_N9p](https://www.google.com/search?q=larawan+ni+isko+moreno+sa+mga+matatanda&sxsrf=ALeKk01Q_bSGdc3gmILCGMfOOZHs0BoJQQ:1592672625128&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ved=2ahUKEwiFpcHw75DqAhVMfXAKHZJUD0gQ_AUoAXoECAwQAw&biw=1366&bih=657#imgrc=YkdM_lHuA_N9p)

<https://www.facebook.com/PasayPulis/posts/pulis-at-komunidad-nagtutulungan-upang-isalba-ang-inang-kalikasanpasaycitykaligk/2238494843080405/>

### **Aklat:**

Willita A. Enrijo, Asuncion B. Bola, et.al. Panitikang Pilipino-IkawalongBaitang. Book Media Press, Inc. and Printwell, Inc. Unang Edisyon, 2013.

**Para sangkatanungan o puna, sumulat o tumawagsa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph)\* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)